BATANGAS II ELECTRIC COOPERATIVE, INC.

Antipolo Del Norte, Lipa City

(043) 756-6337 ; 756-1424 757-0951 ; 756-1021 ; 756-1512
981-1865 ; 981-1866 ; 981-1867 ; 981-1868
312-2080 ; 312-4687

KATITIKAN NG IKA-31 TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NA GINANAP NOONG IKA-25 NG MARSO, TAONG 2023 SA PUNONG TANGGAPAN NG BATELEC II, ANTIPOLO DEL NORTE, LIPA CITY SA PAMAMAGITAN NG ZOOM, AT FACEBOOK LIVE

MGA DUMALO:

DIR. RUPERTO H. MANALO	-	Pangulo
DIR. DELIO C. AMBAL	-	Pangalawang Pangulo
DIR. MARLINO V. BRAGA	-	Kalihim
DIR. DAKILA P. ATIENZA	-	Ingat-Yaman
DIR. CLAIRE M. LANDICHO	-	Tagasuri
DIR. CESAR B. OSEÑA	-	Miyembro
DIR. ISAGANI M. VILLANUEVA	-	Miyembro
DIR. EDITHA A. ZARA	-	Miyembro
DIR. MAR ANTHONY S. ESGUERRA	-	Miyembro
DIR. EMMERSON T. MACATANGAY	-	Miyembro
DIR. MARY JEAN M. RAMOS	-	Miyembro
DIR. AGNES B. VALENCIA	-	Miyembro
DIR. ALBERTO N. LUNA	-	Miyembro
DIR. CIRIACO B. CALINISAN	-	Miyembro
ENGR. OCTAVIOUS M. MENDOZA	-	Ex-Officio Member/Punong Tagapamahala
MR. RONILO T. SALUDO	-	Tagapamagitan
ATTY. ROSSAN SJ. ROSERO LEE	-	Kinatawan ng Punong Tagapangasiwa (NEA)
ATTY. MAY FLOR C. ABUEDO	-	*Legal Staff NEA*
DIR. ALMA M. MENDOZA	-	Bagong Halal – Lipa City District
DIR. DANILO M. GULFO	-	Bagong Halal – Rosario District
General Assembly	-	**32,428** Miyembro-Konsumedores-May-ari

A. UNANG BAHAGI

1. PANIMULA

Pormal na binuksan ng Pangulo ng Hunta Direktiba, Dir. Ruperto H. Manalo ang pagpupulong ganap na ika-12:00 ng tanghali, na may temang *"Marking the Legacy of Rural Electrification Elevating EC Contribution in National Sustainable Development."*

Kasabay nito ay ang pagpapakilala kay G. Ronilo Saludo bilang tagapagpakilala at tagapamagitan sa malayang talakayan.

2. ULAT NG BILANG NG MGA KASAPING DUMALO

Batay sa Seksyon 2 ng Alituntuning Pangloob ng BATELEC II na, *"Ang tanging pulong ng mga kasapi ay maaaring tawagin sa pamamagitan ng Resolusyon ng Lupon o nakasulat na kahilingang nilagdaan ng tatlong Kagawad ng Lupon, ng Pangulo o isang daang kasapi o ng limang porsyento (5%) ng lahat ng kasapi, alinman ang kakaunti, at katungkulan ng Kalihim na ipatalastas ang gayong pagpupulong gaya ng itinatadhana rito. Ang mga tanging pulong ng mga kasapi ay maaring idaos sa alinmang pook na pinaglilingkuran ng Kooperatiba na pipiliin ng Lupon at ipahahayag sa patalastas ng tanging pulong."*

Pinatunayan ng Pangulo ng Hunta Direktiba na si Dir. Ruperto H. Manalo na ang pagpupulong ay may sapat na bilang ng mga kasapi na nagsipagdalo. Batay sa talaan, mayroong **32,428** miyembo-konsumedores-may-ari ang dumalo.

Certificate of Quorum

This is to certify that the Hybrid Virtual 31st Annual General Membership Assembly (AGMA) of Batangas II Electric Cooperative, Inc. (BATELEC II) held on March 25, 2023 has Thirty Two Thousand Four Hundred Twenty-Eight (32,428) total number of attendees, registered via online webhosting, thereby constituting a quorum.

This is to further certify that all the information herein are true and correct.

Issued this 25th day of March, 2023 at BATELEC II Main Office, Antipolo del Norte, Lipa City.

Signed:
DIR. RUPERTO H. MANALO
BOD President

B. IKALAWANG BAHAGI - PAGPUPULONG O *BUSINESS MEETING*

1. PAGBASA NG PATALASTAS NG PAGPUPULONG

Ipinagbigay alam ng Tagapamagitan, G. Ronilo Saludo, at Kalihim ng Hunta Direktiba, Dir. Marlino V. Braga, na batay sa itinakda ng Artikulo 3, Seksyon 1 ng Alituntuning Panloob ng Batangas II Electric Cooperative, Inc., *"Ang unang taunang pagpupulong ng mga kasapi ay dapat idaos sa loob ng isang taon pagkaraang magkaroon ng kuryente at taun-taon pagkaraan nito sa buwan ng Marso sa pook na pinaglilingkuran ng Kooperatiba gaya ng itinakda ng Lupon at ipahahayag sa patalastas ng pagpupulong."*

Nakasaad din sa Seksyon 3, "*Isang nakasulat na patalastas na nagsasaad ng layunin, pook, araw at oras ng pulong ang ipapaskil sa mga lugar na pampubliko tulad ng munisipyo, palengke, parke, simbahan, kapilya at iba pa nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw bago dumating ang petsa ng pulong na maaari ding gamitin ang broadcast media kung praktikal at kinakailangan."*

Gaya ng mga nabanggit, nagpadala ang BATELEC II ng abiso/paala-ala para sa pagdaraos ng taunang pangkalahatang pagpupulong sa mga natatanging lokal na pamahalaan gaya ng mga sumusunod:

a. Gobernador ng Lalawigan ng Batangas
b. Mga Kongresista ng Distrito at *Partylist* na pang *Electric Cooperatives*
c. Mga Alkalde ng Labinlimang Bayan at Dalawang Siyudad
d. Mga Punong Barangay (482)
e. Mga BAPA *Officers* (630)
f. MSEAC Members

Gayundin, nagpaskil ang BATELEC II ng mga *tarpaulins* sa mga hayag na lugar kabilang ang mga sumusunod:

a. Mga Barangay *Hall*
b. Mga Munisipyo
c. Mga Simbahan
d. Mga Palengke
e. Mga Parke
f. Lahat ng Opisina ng BATELEC II

Pag-aanunsyo sa programang "Tanglaw ng Batangueño" sa 95.1 Kiss FM (BATELEC II in-house radio station) tuwing Miyerkules na nagsimula nuong Pebrero hanggang Marso 2023.

Pag-*display* ng paanyaya sa *Official Facebook Page* ng BATELEC II para sa impormasyon ng mga miyembro-konsumedores-may-ari.

Nagsagawa din ng Public Address sa buong nasasakupan ng Kooperatiba na nagsimula noong ika-15 hanggang ika-24 ng Marso, taong 2023.

Mayroon ding mga *flyers* at *leaflets* sa *Main Office*, gayundin sa mga *Unit* at *Area Offices* na ipinamimigay sa mga miyembro-konsumedores-may-ari.

3. TALAAN NG PAG-UUSAPAN

Ang Talaan ng Pag-uusapan para sa ika-31 na Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng mga Kasapi ay ang mga sumusunod:

A. Call to Order.
B. Ulat ng Bilang ng mga Kasaping Dumalo (Determination of Quorum).
C. Pagbasa ng Patalastas ng Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng mga Kasapi para sa taong 2023 (*Reading of Notice of 31st Hybrid Virtual Annual General Membership Assembly 2023*).
D. Pagbasa at Pagpapatibay ng Katitikan ng Nakaraang Pulong (*Reading and Approval of the Previous Minutes*).
E. Ulat ng Pangulo *(BOD President's Report*).
F. Ulat ng Punong Tagapamahala (*GM's Report*).
G. Malayang Talakayan (*Open Forum*).
H. Pagpipinid (*Adjournment*)

Matapos basahin ng Kalihim ng Hunta Direktiba, Dir. Marlino A. Braga ang talaan ng pag-uusapan, ay pormal nang binuksan ng Pangulo ng Hunta Direktiba, Dir. Ruperto H. Manalo ang pagpupulong sa ganap na ika-3:00 ng hapon.

RESOLUSYON BILANG 2023-01 (AGMA)

RESOLUSYONG PAGTIBAYIN ANG TALAAN NG PAG-UUSAPAN PARA SA IKA-31 NA TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG NG MGA MIYEMBRO-KONSUMEDORES-MAY-ARI NGAYONG IKA-25 NG MARSO, 2023

Iminungkahi ni **Gng. Emma Icaro**, naninirahan sa Brgy. 7, Lipa City, na pinangalawahan naman ni **G. Pedro Luna, Jr**, Barangay Kagawad ng Brgy. Lapu-lapu 1st, San Jose, na pagtibayin ang Talaan ng Pag-uusapan para sa ika-31 Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng mga miyembro-konsumedores-may-ari na noong ika-25 ng Marso, 2023.

INAPRUBAHAN NG LAHAT NG KASAPING DUMALO.

4. KATITIKAN NG NAKARAANG TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG

Ang sipi ng Katitikan ng ika-30 Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng mga kasapi na ginanap noong ika-26 ng Marso, 2022 sa Punong Tanggapan, Brgy. Antipolo del Norte, Lipa City ay naka-paskil sa *Official Facebook Page* ng BATELEC II. Ang sipi ay naipamahagi din sa mga Punong Bayan at Pang-Lungsod, maging sa lahat ng opisyales ng MSEAC.

RESOLUSYON BILANG 2023-02 (AGMA)
RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY SA HINDI NA PAGBABASA NG KATITIKAN NG NAKARAANG TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG NA GINANAP NOONG IKA-26 NG MARSO, TAONG 2022, SA PUNONG TANGGAPAN NG BATELEC II, ANTIPOLO DEL NORTE, LIPA CITY

SAPAGKAT, nailathala sa *Official Facebook Page* ng BATELEC II ang katitikan ng nakaraang taunang pangkalahatang pagpupulong para ito ay mauna nang basahin ng mga miyembro-konsumedores-may-ari bilang pa-anyaya;

SAPAGKAT, ang bawat miyembrong dumalo sa kani-kaniyang lugar na nakatalaga para sa pagpupulong ay binigyan din ng kani-kanilang sipi ng katitikan ng nakaraang taunang pangkalahatang pagpupulong;

KUNG KAYA'T iminungkahi ni **Gng. Merlita Garcia** ng Inosluban, Lipa City na pinangalawahan ni **G. Celso Esguerra**, ng BAPA Ticalan 3A ng Brgy. Buhay na Sapa, San Juan, Batangas, na MAPAGTIBAY AT NGAYON NGA AY PINAGTITIBAY ang pagpapaliban sa pagbabasa ng Nakaraang Pangkalahatang Pagpupulong na ginanap noong ika-26 ng Marso, taong 2022, sa Punong Tanggapan ng BATELEC II, Antipolo Del Norte, Lipa City.

INAPRUBAHAN NG LAHAT NG KASAPING DUMALO

Isinangguni ng Pangulo ng Hunta Direktiba, Dir. Ruperto H. Manalo sa lahat ng dumalo kung mayroong nais ipawasto o ipabago sa nakaraang katitikan. Sapagkat walang anumang pagwawasto o pagbabago sa nakaraang katitikan.

Sapagkat walang anumang pagwawasto o pagbabago sa Katitikan na nakaraang ika-30 na Taunang Pangkalahatang Pagpupulong, iminungkahi at pinangalawahan na pagtibayin ang katitikan ng nakaraang taunang pangkalahatang pagpupulong na ginanap noong ika-26 ng Marso taong 2022, sa BATELEC II Main Office, Antipolo del Norte, Lipa City.

RESOLUSYON BILANG 2023-03 (AGMA)
RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY SA KATITIKAN NG NAKARAANG TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG NA GINANAP NOONG IKA-26 NG MARSO TAONG 2022, SA BATELEC II MAIN OFFICE, ANTIPOLO DEL NORTE, LIPA CITY

SAPAGKAT, ang mga nilalaman ng Katitikan ng ika-30 Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ay wasto at naaayon sa mga totoong kaganapan noong nakaraang taunang pangkalahatang pagpupulong;

KUNG KAYA'T iminungkahi ni **G. James Driz** ng Lobo, Batangas na pinangalawahan ni **G. Jerry Millares,** Barangay Kagawad ng Brgy. Ambulong, Tanauan City, Batangas, na **MAPAGTIBAY AT NGAYON NGA AY PINAGTITIBAY** ang Katitikan ng Nakaraang Taunang Pangkalahatang Pagpupulong na ginanap noong ika-26 ng Marso taong 2022, sa BATELEC II Main Office, Antipolo del Norte, Lipa City.

INAPRUBAHAN NG LAHAT NG KASAPING DUMALO

5. ULAT NG PANGULO

Inilahad ng Pangulo ng Hunta Direktiba, Dir. Ruperto H. Manalo, ang mga proyektong naisagawa ng Kooperatiba para sa taong 2022, kabilang ditto ay ang mga sumusunod:

1. Institutional and Statistics
   - AAA Mega-Large Electric Cooperative base sa NEA Memorandum 2022-33 noong ika-31 Hulyo, taong 2022 (321,338 MCOs; 373,925 household connection; 131% of energization)
2. Institutional Highlights
   - Inaugurasyon ng mga bagong Unit Offices (San Juan, Balete, Taysan)
3. Scholarship Program
   - 6 College Degree Graduates
   - 105 scholars to date
4. National Voluntary Blood Service Program
   - Blood Letting Activity
   - Medical Mission
5. Pantawid Liwanag Program
   - 2,000 halaga ng tulong pinansyal (½ cash; ½ powerbill payment) sa mga Indigent miyembro-konsumidores-may-ari
6. Awards and Recognition
   - NEA Golden Dagitab Awards
     - High AGMA Attendance
     - Best Practices on Cooperative's Corporate Social Responsibility
     - Rural Electrification Program Distinction
     - Consistent Green EC
     - Advance Payment to NEA
     - Golden Dagitab Award
     - Single Digit System Loss for the Year

- ❖ Compact of Cooperation Award
- ❖ Outstanding EC Award
- ❖ Most Outstanding EC Award

- PHILRECA Awards from the Wires
- Plaques of Recognition
  - ❖ Bright Beginning Award
  - ❖ Gold Stellar Award
  - ❖ Ground Breaker Award
  - ❖ MCO Prime Participation Award
  - ❖ Model Member-EC Award
  - ❖ Prompt Payor Award
  - ❖ Strong Commitment to Brotherhood Award
- Certificates of Recognition
  - ❖ Bringing It Beyond Award
  - ❖ Digital Transformation Award
  - ❖ Extra-Mile Award
  - ❖ MCO Champion Award
  - ❖ Media Excellence Award
  - ❖ Occupational Safety and Health Excellence Award
  - ❖ Outstanding Performance Award
  - ❖ Outstanding Radio Program Excellence Award
  - ❖ State of the Art Workplace Award
  - ❖ Strength in Number Award
  - ❖ The Iron Pillar Award
  - ❖ Unparalleled Service Award
  - ❖ Limelight Award

Matapos banggitin ang mga nakamit na karangalan ng Kooperatiba, nagpasalamat din ang Pangulo ng Hunta Direktiba sa mga sumusuporta, gayundin sa mga bumubuo ng BATELEC II.

6. ULAT NG PUNONG TAGAPAMAHALA

Sinimulan ng Punong Tagapalamahala Engr. Octavious Mendoza, ang kanyang ulat sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng pagsukat ng kakayahan ng Kooperatiba o ang KPS, na kinakailangang sundin o i-*comply* ng Kooperatiba.

Aniya, ang mga karangalan na iginawad noong taon ng 2022, ay mga parangal para sa taong 2021, kasama ang mga taong 2019 at 2020. Sa kadahilanan na ang mga parangal para sa taong 2022 ay malalaman pa lamang ang marka sa darating na Agosto 2023, sa pagsasagawa ng *Electrification Month,* sa pagdiriwang ng *National Electrification Week*, na isinasagawa sa unang linggo ng Agosto kada taon.

Dagdag pa nito, nabanggit din na bagamat may “parameters” na hindi nagampanan ang Kooperatiba dahil sa pandemya sa nagdaang taong 2020 ay nakakuha pa din ng “AAA” na marka

ang BATELEC II, katulad ng nagdaang taon ng 2019. Base sa inilabas na *Memorandum* ng NEA *No. 2022-33*, ang nakaraang taong 2021 ay nakakuha pa rin ng *overall assessment* na AAA, kahit ito ay hindi namarkahan ng NEA dahil sa pandemya ng *COVID-19*.

Naiulat din ni GM Mendoza na tumanggap ang Kooperatiba ng parangal na *Outstanding EC Award,* kasabay ang parangal na *Most Outstanding EC Award,* na aniya ay ibinibigay lamang sa Kooperatibang umabot sa 100% sa nasabing Key Performance Standard (KPS). Dahil sa natamong karangalan, naigawad din ang hiling sa NEA na mabigyan ng kaunting pabuya ang mga kawani dahil sa ipinamalas na kagitingan sa pagharap sa tungkulin sa kabila ng pandemyang kinaharap.

Ayon pa kay GM Mendoza, ang nasabing parametro na ginagamit upang makatanggap ang isang Kooperatiba ng AAA ay kinapapalooban ng (a) *Financial* 25%, (b) *Institutional* 30%, (c) *Technical* 20%, (d) *Level of Electrification* 20%, (e) *Reportorial Requirement* 5%. Dagdaga pa nito, hindi man naibigay ang *KPS score* para sa taong 2021, nanatili naman sa ilalim ng AAA ang BATELEC II.

Tinalakay din ng Punong Tagapamahala ang patungkol sa *Technical Highlights,* kung saan tinitingnan ang mga natapos pagdating sa haba ng linya na nagawa. Nabanggit na ang Kooperatiba ay umabot na sa 4,242.20 kilometro ang tutal, ang *substation capacity* ay umabot ng 280 mVA mula sa 250 ng nakaraang taong 2021.

Ang *Peak Load* o ang laki ng *load* na nakarehistro sa kuntador, ay umabot na ng 212.43 *megawatt,* na isang dahilan kung bakit ang BATELEC II ay kinokonsidera na isa sa pinakamalaking *electric cooperatives sa bansa* dahil sa laki ng demand ng mga miyembro-konsumedores-may-ari.

Nailahad din na ang *system loss* ay napa baba mula 9.17% noong 2021 hanggang maging 8.92% na lamang sa taong 2022, at muling hinahangad na mapababa ito sa 8.25 para sa taong 2023.

Bahagya namang tumaas ang *load factor* mula 71.73% na naging 72.38%. Ipinabatid din na ang pagkakaroon ng animnapung porsyento (60%) o higit pa ay nagpapakita ng magandang operasyon sa *power system*.

Nabanggit din na ang *Power Factor* ay tumaas mula 95.85% na naging 96.21% na isa ding pagpapamalas ng magandang operasyon sa *power distribution* sapagkat ang Kooperatiba ay may higit pa sa 95% na *power factor*.

Ibinuod ni GM Mendoza ang mga proyektong naisagawa noong nagdaang taon ay nakategorya sa mga sumusunod:

- *Safety Projects*
- *Reliability Projetcs*
- *Power Quality Projetcs*

- *System Loss Projetcs*
- *Subtransmission Development Projects*
- *Substation Projects; and*
- *Add-ons Projects*

Sa taong 2022, ang *safety projects* na naisagawa ay 72, at 66 naman ang bilang ng *Reliability Projects,* na tumukoy sa pagbabawas ng mga hindi naka iskedyul na *brownouts* na binigyang pansin ng pamunuan. Ang *Power Quality Project* ay isa sa kadalasang tumutugon sa mga mababang bultahe. Nagsagawa din ng 9 na *System Loss Projects*. Ayon sa pamunuan, ang mga hindi naisagawa noong 2022, epekto ng pandemya, ay isasagawa sa taong kasalukuyan. Walang naitalang *Subtransmission Development Project* sa taong 2022 at inaasahan na may maisasagawa ngayong taon alinsunod sa nakaplanong proyekto sa Bayan ng Taysan, na binabalak simulan sa sunod na buwan at tinutumbok matapos sa buwan ng Hunyo o Agosto.

Naiulat din na walang dagdag na proyekto sa *Substation Projects*. Ngunit sa kabila nito, ay ang pagsasaayos, pagte*testing* at pagdaragdag ng kapasidad ng *substation* ang isinagawa. Kakabit ng usaping ito, ang naging hiling naman ng Punong Bayan ng Lobo ang tutugunan sa taong kasalukuyan, bagamat nakabanghay sa taong 2024, ay pag uusapan ng pamunuan na maisagawa sa taong kasalukuyan.

Nagbigay tanaw din sa ilang larawan na nagpapakita sa aktibidad upang mas maaasahan ang *power supply* na mino*monitor* ng buong taon. Isang halimbawa na lamang ay ang isinagawang *Preventive Maintenance Schedule (PMS),* at *Testing of Substation* noong 26 Oktubre, 2022. Inilahad ang ilang gawaing nakapaloob sa nasabing aktibidad upang magkaroon ng ideya kung ano ang ginagawa ng mga kawani ng BATELEC II sa likod ng *power interruption*. Ilan dito ay ang mga sumusunod:

1. *Replacement of wooden 69kV pole* sa Brgy. Banay-Banay 1st, San Jose (ID# 121)
2. *Clearing of Lipa Line* 2
3. *Relocation of pole affected by DPWH Pedestrian Project* sa Brgy. Tambo, Lipa City
4. *Relocation of pole* malapit sa *New Nemar* Brgy. Sabang, Lipa City
5. *Preventive Maintenance* sa San Carlos at Pusil *Substation Distribution Line*
6. *PMS* sa San Carlos at Pusil *Substation*
7. *Relocation of pole & distribution line*
8. *Replacement of wood cross-arms* sa Brgy. San Carlos (ID# 000002, 000003 & 000005)

Tinalakay din ng Punong Tagapamahala ang Financial Highlights ng BATELEC II. Una na dito ay ang naging malaking tulong sa kooperatiba ang naging pagi-impok nito sa mga nakaraang taon upang bahagyang makaahon ang BATELEC II sa sakuna na dulot ng Covid-19. Binigyang diin nito na malaki ang naging epekto ng pagkakaroon ng gyera sa *Russia* at *Ukraine*, panandaliang pagkakaroon ng embargo sa *supply* ng *coal* mula *Indonesia* dahil sa epekto ng pandemya, pagtaas ng presyo ng gasolina, na kung saan naka apekto sa operasyon ng

BATELEC II na naging dahilan ng pagtaas ng kuryente na nag umpisa ng ikalawang bahagi ng taon.

Sa pagkakataas ng presyo ng gasolina, nagkaroon ito ng malaking epekto sa pagtaas sa gastos sa operasyon ng BATELEC II kasabay ng pagtaas ng “minimum rate” na ipinatutupad ng pamahalaan na naging dagdag na kagastusan ng Kooperatiba. Sa kabila nito, ibinahagi ng Punong Tagapamahala ang ilang Financial Highlights batay sa nagging performance ng BATELEC II.

Ang Generated Revenue mula sa 7.8B nuong taong 2021 ay naging 11.57B para sa taong 2022. Ang energy sales nuong taong 2021 ay hindi naging malayo sa naging energy sales nuong 2022 kung saan mayroon itong average na 300,000kWh na pagtaas kada buwan kung saan ang kinita ay halos 4B lamang dahil sa pagtaas ng Generation Charge kung saan ito ay isang pass-through charges ng Kooperatiba (tagapaningil) mula sa mga Generating Companies. Idinagdag ng Punong Tagapamahala ang naging malaking epekto nito sa Average Rate per Classification. Ang Residential Rate na may average na Php10.3/kWh nuong 2021 ay umabot sa Php16.12/kWh para sa taong 2022. Bagamat tumaas ang taripa, ay hindi naman tumaas ang multiplier para Distribution Charge o Distribution Revenue ng BATELEC II. Kung ano ang ipinatutupad na Distribution Rate simula ng maaprubajhan ito taong 2011 ay nanatiling Distribution Rate para sa taong 2022 na makikita ng mga miyembro sa kanilang mga resibo. Para sa Low Votage customer mula Php9.68/kWh ay umabot ito ng Php12.94/kWh at para sa High Voltage customer mula Php8.58 pumalo ito sa Php11.61/kWh.

Tinalakay din ng Punong Tagapamahala ang ilang bahagi ng Financial Ratios ng BATELEC II. Ang Leverage Ratio ay nanatiling mababa sa 0.37. Nangangahulugan na malaki ang kakayahan ng Kooperatiba upang bayarang ang mga pagkakautang nito sakaling ito ay mangungutang. Ang Debt Equity Ratio ay nanatiling mababa mula sa 0.56 at naging 0.59. At para sa Interes Cover, ito ay bahagyang bumama mula 7.56 bumaba ito sa 2.59 dahilan sa mabilis na pagbaba ng natitirang pondo ng Kooeratiba dahil sa paglaki ng mga bayarin at gastusin para sa operasyong ng BATELEC II. Ang Liquidity Ratios na sa kasalukuyan ay above 1, ay ang sumusukat sa abilidad ng Kooperatiba na makapagbayad ng pagkakautang gamit ang marginal safety of metrics kasama ang current ratio and quick ratio.

Para sa Institutional Highlights, mula sa datos na 647 na mga empledado nuong taong 2021 ay tumaasa ito sa 663 para sa taong 2022. Ito ay madaragdagan pa sa mga darating na panahon sapagkat nadaragdagan ang bilang na mga sinerserbisyuhang konsumores ng BATELEC II.

Patuloy ang BATELEC II sa pagsasagawa at pagpapadala ng mga empleyado sa mga Seminars at Workshops upang lalong linangin ang kanilang kakahayan sa pagtatrabaho upang makatugon sa mas maayos at maaasahang serbisyo.

Mapapansin na kahanay sa mga datos na inilahad ng Punong Tagapamahala ang Sports Fest ng BATELEC II, ay sapagkagkat itinuturing ito ng Kooperatiba bilang pangkalahatang "wellbeing" ng mga kawani.

C. IKATLONG BAHAGI

A. MALAYANG TALAKAYAN

Ipinaliwanag ng Tagapamagitan, G. Ronilo Saludo, ang mga alituntunin kaugnay sa Malayang Talakayan, kung saan tatanggap ng mga tanong, komento, at suhestiyon sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay kung kasama sa lugar ng pagpupulong, o pag-iiwan ng mensahe sa *Zoom chat box* at sa *Facebook Live comments* kung nakikilahok sa pagpupulong gamit ang *live coverage* ng BATELEC II, kasama ang *#B2AGMA2023 - Open Forum ,Complete Name, Address, Comment / Question.*

Pormal na binuksan ng Pangulo ng Hunta Direktiba, Dir. Ruperto H. Manalo, ang malayang talakayan. Gayundin, binanggit ng Pangulo na kung mayroon man gustong linawin ang mga MCOs kaugnay sa pamamahala at ulat ng BATELEC II, ipinaalala nya na palaging bukas ang tanggapan mula Lunes hanggang Biyernes upang sagutin at tugunan ang mga katanungan at pangangailangan ng mga miyembro-konsumidores-may-ari.

B. PAGPIPINID

Sapagkat wala nang iba pang katanungan o suhestiyon, iminungkahi ni **Gng. Priscila Manalo**, na pinangalawahan ni **Gng. Carmen Rasma** ng Inosluban, Lipa City, at sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo, ay nagpasya na **MAPAGTIBAY, AT NGAYON NGA AY PINAGTITIBAY** ang pagpipinid ng taunang pagpupulong.

Natapos ang pagpupulong ganap na ika-4:50 ng hapon.

Pagpapatunay:

SGD.
DIR. MARLINO V. BRAGA
Kalihim

Pinagtibay:

SGD.
DIR. RUPERTO H. MANALO
Pangulo ng Hunta Direktiba